

Deklarasyon at Programa ng Pagkilos ng NDFP para sa mga Karapatan, Proteksyon at Kagalingan ng mga Bata



NDF-National Council

Preambulo

Muling pinagtibay dito ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang mga karapatan ng mga bata at nagpapasyang isakatuparan ang isang programa ng pagkilos para sa proteksyon at kapakanan ng mga bata sa balangkas ng Gabay para sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan (1972) at ng Unilateral na Deklarasyon ng Paglalapat ng Mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at Protokol I ng 1977 at ayon na rin sa mga prinsipyo at patakarang isinaad ng NDFP maging sa makatarungan at aplikableng mga probisyon ng mga kumbensyong internasyunal na pumapatungkol sa mga karapatan at kagalingan ng mga bata.

Ipinoproklama ng NDFP itong Deklarasyon at Programa ng Pagkilos sa balangkas ng pampulitikang awtoridad nito na itinatakda ng sumusunod:

1. Ang National Democratic Front of the Philippines ay kumakatawan at nagtataglay ng awtoridad ng demokratikong gubyernong bayan na binubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa makabuluhang bahagi ng buong Pilipinas. Ito ang organisasyon ng nagkakaisang prente ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipinong lumalaban para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Kabilang dito ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) bilang namumunong partido sa nabanggit na gobyerno, ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang armadong pwersa nito, at iba pang organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, propesyunal at iba pang mga sektor.
2. Dalawa ang kapangyarihang pang-estado sa Pilipinas. Ang isang kapangyarihang pang-estado ay kinakatawan ng nakabase sa Maynila na reaksyunaryong gobyerno ng malalaking kumprador at panginoong maylupang (Gobyerno ng Pilipinas o GPH, dating tinaguring GRP). Ang isa naman ay kinakatawan ng nakabase sa kanayunan na rebolusyonaryong gobyerno ng mga manggagawa at magsasaka, na mayroong sariling Konstitusyon at Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Ang dalawang nagtutunggaling estado o gobyerno ay kapwa nakikidigmang pwersa sa isang gera sibil, na kinatatangian kapwa ng di-internasyunal at ng internasyunal na armadong tunggalian. Gayunpaman, nagkasundo sila mula pa 1992 na magkaroon ng negosasyong pangkapayapaan sa balangkas ng The Hague Joint Declaration at nakapagbuo ng iba pang mahahalagang bilateral at may bisang kasunduan.
3. Alinsunod sa Artikulo 1, talata 4 na kaugnay ng Artikulo 96, talata 3 ng Protokol 1 ng 1977 na Karagdagan sa mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949, naglabas ang NDFP noong 5 Hulyo 1996 ng Deklarasyon ng Paglalapat ng nasabing mga Kumbensyon ng Geneva at Protokol 1 at isinumite iyon sa tamang pinaglalagakan, ang Swiss Federal Council noong araw ding iyon. Sa

pagproklama ng naturang Deklarasyon, inako ng NDFP ang mga karapatan at tungkulin sa ilalim ng Protokol 1, bukod pa sa mga isinaad sa komun na Artikulo 3 ng Mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at sa Protokol 2 nito.

Artikulo I. Deklarasyong muling pagtibayin, pangalagaan at itaguyod ang mga karapatan ng mga bata

Seksyon 1. Ang NDFP at ang mga rebolusyonaryong pwersa ay mahigpit na naninindigan at puspasang sangkot sa pagtataguyod at pagsusulong ng mga karapatan ng lahat ng batang Pilipino.

Kaalinsabay, batid nilang malaking mayorya ng mga bata ay mga anak ng mga manggagawa, magsasaka at maralitang-lunsod at biktima ng isang di makatarungang sistemang panlipunan kung saan ang buhay nila’y batbat ng pagsasamantala, kahirapan, kamangmangan, malnutrisyon, pagkakasakit at kawalang-pag-unlad bilang mga tao. Pwersado silang ibenta ang kanilang lakas-paggawa. Ang iba ay hinihila sa prostitusyon at pornograpiya, kinikidnap at ipinagbibili para sa mga bahagi ng katawan, itinutulak sa paglalaboy, pamamalimos, pang-uumit at pagdodroga, at nabibilanggo kasama ng mga pusakal na kriminal.

Seksyon 2. Ang nagpapatuloy na malalala at sistematikong paglabag sa karapatang-tao ng mayorya ng mga batang Pilipino ng naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa ay itinuturing ng NDFP na isa sa mga dahilang nagtutulak sa sambayanang Pilipino sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ang gayong mga paglabag ay pinalalala pa ng sadyang pagtarget sa mga batang ito sa mga operasyong militar ng GRP/GPH sa mga komunidad na pinaghihinalaang nasa kontrol at/o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Seksyon 3. Buo ang kapasyahan ng NDFP na tiyakin ang paggalang sa mga karapatan ng mga bata at pagseguro sa kanilang kagalingan sa ilalim ng mga patakaran at batas ng demokratikong gubyernong bayan at sa programa ng kinauukulang mga ahensyang panlipunan at mga organisasyong masa ng mga bata, mga magulang, guro, kababaihan at iba pang sektor na interesado sa mga karapatan at kagalingan ng mga bata sa lahat ng lugar sa kalunsuran at kanayunan ng Pilipinas.

Seksyon 4. Bilang usapin ng prinsipyo at praktikal na pangangailangan, lahat ng entidad sa Pilipinas na nabanggit sa naunang seksyon ay may kakayahang mangalaga sa mga karapatan at kagalingan ng mga batang Pilipino nang umasa-sa-sarili. Subalit tumatalima rin sila sa makatarungan at angkop na mga kumbensyon at probisyon ng internasyunal na batas na nauukol sa mga bata at maaaring magsagawa ng nararapat na anyo ng kooperasyon sa mga dayuhan o internasyunal na organisasyon at ahensya para sa kapakinabangan ng mga bata sa Pilipinas.

Seksyon 5. Muling isinasaad ng NDFP ang komitment nito sa 1998 na GRP/GPH-NDFP Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) para itaguyod, pangalagaan at isulong ang buong saklaw ng karapatang-tao at mga batayang kalayaan, kabilang “ang karapatan ng mga bata at mga may kapansanan sa proteksyon, pangangalaga at sa isang tahanan, laluna laban sa abusong pisikal at mental, prostitusyon, droga, sapilitang paggawa, kawalang-tirahan, at iba pang kahalintulad na mga

anyo ng panunupil at pagsasamantala." (Bahagi III, Paggalang sa mga Karapatang Tao, Artikulo 2, Blg. 24)

Seksyon 6. Muli ring isinasaad ng NDFP ang magkasama at hiwalay na komitment nito sa CARHRIHL — na magbigay ng espesyal na atensyon sa kababaihan at mga bata upang tiyakin ang kanilang pisikal at moral na integridad. Hindi dapat payagang lumahok ang mga bata sa mga labanan." (Bahagi IV, Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas, Artikulo 10).

Artikulo II. Internasyunal na batas ukol sa pangangalaga sa mga bata

Ang NDFP at BHB ay tumatalima sa sumusunod na nakasaad na mga kumbensyon at mga probisyon ng internasyunal na batas na may kabuluhan sa mga karapatan at pangangalaga sa mga bata sa pangkalahatan o sa sitwasyon ng armadong tunggalian at itinuturing na may bisa kapwa sa NDFP at ng GRP/GPH sa kanilang mga kasunduan.

1. Artikulo 25 ng Universal Declaration of Human Rights na nagdedeclarang ang pagkabata ay dapat bigyan ng espesyal na pangangalaga at tulong.

2. Sa paglalabas nito noong 5 Hulyo 1996 ng Unilateral na Deklarasyong Ilapat ang Mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at Protokol I ng 1977 alinsunod sa sa Artikulo 1, talata 4 kaugnay ng Artikulo 96, talata 3 ng Protokol 1 na Karagdagan sa mga Kumbensyon ng Geneva at pagsumite ng nasabing deklarasyon sa tamang lagakan, ang Swiss Federal Council, inaako ng NDFP ang mga karapatan at tungkulin sa ilalim ng Protokol 1, lagpas pa sa mga isinaad sa komun na Artikulo 3 ng Mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at sa ilalim ng Protokol 2 nito.

3. Itinatadhana ng Artikulo 4, talata 3, Bahagi II ng Protokol na Karagdagan sa Mga Kumbensyon ng Geneva ng 12 Agosto 1949, at pumapatungkol sa Proteksyon ng mga Biktima ng Di-Internasyunal na mga Armadong tunggalian (Protokol II), 8 Hunyo 1977:

Bibigyan ng kinakailangang pag-aruga at tulong ang mga bata, at sa partikular: (a) tatanggap sila ng edukasyon, kabilang ang edukasyong panrelihiyon at moral, na naaayon sa mithiin ng kanilang mga magulang, o kung walang mga magulang, ng sinumang responsable sa kanilang pangangalaga; (b) isasagawa ang lahat ng angkop na hakbang upang mapabilis ang muling pagsasama ng mga pamilyang pansamantalang nagkahiwalay; c) yaong mga batang wala pang labinlimang taon ay di rerekutin sa armadong pwersa o grupo at di rin pahihintulatang lumahok sa mga labanan; (d) mananatiling aplikable ang espesyal na proteksyong itinatadhana ng Artikulong ito sa mga batang wala pang labinlimang taon kung sila ay tuwirang lumahok sa mga labanan sa kabila ng mga probisyon sa sub-talata c) at kung madakip; (e) isasagawa ang mga hakbangin, kung kailangan, at kung kailan posible sa pahintulot ng kanilang mga magulang o ninumang responsable sa kanilang pangangalaga sa ilalim ng batas o kostumbre, para pansamantalang alisin ang mga bata sa mga lugar kung saan nagaganap ang labanan at ilipat sa mas ligtas na lugar sa loob ng bansa at tiyakin na sila'y sinasamahan ng mga responsable sa kanilang kaligtasan at kagalingan.

4. Ang Artikulo 38 ng Kumbensyon Hinggil sa mga Karapatan ng Bata na naisabatas noong 2 Setyembre 1990 ay nagsasaad na:

1. Gagawin ng mga pumirmang estado na galangin at tiyakin ang paggalang sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas na aplikable sa kanila sa mga armadong tunggalian na nauukol sa bata.
2. Gagawin ng mga pumirmang estado ang lahat ng posibleng hakbang upang tiyakin na ang mga wala pang labinlimang taon ay di direktang lumalahok sa mga labanan.
3. Hindi magrekrut ang mga pumirmang estado ng sinumang wala pang labinlimang taong sa kanilang armadong pwersa. Sa pagrekrut sa mga nakatuntong na ng labinlimang taong gulang subalit wala pang labingwalong taon, sisikaping bigyan ng prayoridad yaong pinakamatatanda.
4. Alinsunod sa kanilang obligasyon sa ilalim ng internasyunal na makataong batas na pangalagaan ang sibilyang populasyon sa mga armadong tunggalian, ang mga pumirmang estado ay gagawa ng mga nararapat na hakbang upang tiyakin ang pangangalaga at pag-aruga sa mga bata na apektado ng isang armadong tunggalian.
5. Ang Kumbensyon Blg 182 ng International Labor Organization o ILO hinggil sa Pagpawi sa Pinakamalalalang Anyo ng Sapilitang Pagpapatrabaho sa Bata na kinilala ng Internasyunal na Kumperensya sa Paggawa noong 17 Hunyo 1999 ay nagsasaad sa Artikulo 1 hanggang 3 na:

Artikulo 1: Bawat Kasapi na magtitibay ng Kumbensyong ito ay gagawa ng kagyat at epektibong mga hakbang upang tiyakin ang pagbabawal at pagpawi sa pinakamalalalang anyo ng sapilitang pagpapatrabaho sa mga bata bilang isang kagyat na usapin.

Artikulo 2: Sa gamit ng Kumbensyong ito, ang salitang “bata” ay tumutukoy sa lahat ng wala pang 18 gulang.

Artikulo 3: Sa gamit ng Kumbensyong ito, ang salitang “pinakamalalalang anyo ng sapilitang pagpapatrabaho sa mga bata” ay binubuo ng:

- a) lahat ng anyo ng pang-aalipin o mga katulad ng pang-aalipin, tulad ng pagbebenta at pagkalakal ng mga bata, pambayad-utang at pang-aalila at pwersahan o sapilitang paggawa, kabilang ang pwersahan at sapilitang rekrutment ng mga bata upang gamitin sa armadong tunggalian;
- b) ang paggamit, pagkuha o pag-alok ng bata para sa prostitusyon, para sa produksyon ng pornograpiya o para sa pornograpikong mga palabas
- c) ang paggamit, pagkuha o pag-alok ng bata para sa gawaing ilegal, partikular na para sa produksyon at pagbebenta ng mga droga tulad ng nakasaad sa mga kaugnay na internasyunal na tratado.
- d) trabahong likas o may delikadong sirkunstansya na malamang na makasasama sa kalusugan, kaligtasan o mga asal ng mga bata.

Artikulo III. Mga Bata Kaugnay sa Gera Sibil

Batid ng NDFP ang hirap at panganib sa mga bata sa mga komunidad at mga lugar na apektado ng gera sibil. Ang NDFP at mga alyadong organisasyon nito tulad ng PKP, BHB at

mga samahang masa ay palagiang maingat sa pagdedesisyon at pagtupad ng mga hakbang para pangalagaan ang mga bata mula sa kasamaang dulot ng armadong tunggalian.

Seksyon 1. Ang NDFP ay tumatalima sa pasya ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral ng PKP noong 1998 na nagtatakdang maaari lamang magrekrut ang Bagong Hukbong Bayan ng mga 18 anyos o mas matanda bilang mga armadong mandirigma sa mga panlabang yunit nito kahimat sa Artikulo 77, talata 2 ng nasabing 1977 Protokol 1 na Karagdagan sa mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at kaugnay ng Proteksyon sa mga Biktima ng Internasyunal na mga Armadong Tunggalian ay ligal pang pinahihintulutan ang rekrutment ng mga batang 15 taong gulang pataas bilang mga sundalo.

Seksyon 2. Ang patakarang nagtatakda ng minimum na 18 taong gulang sa pagrerekrut sa BHB ay muling idiniin noong 2002 ng ika-11 Plenum ng Komite Sentral ng PKP sa isang resolusyon para sa BHB. Kinilala at pinuri ng PKP ang matapat na pagtalima ng BHB sa patakarang. Tinalakay at nirepaso nito ang pagpapatupad sa patakarang ito sa larangan, ang mga hakbang pandisiplina na maaaring ipataw sa mga kumand ng BHB maging sa mga responsableng yunit ng Partido kung may paglabag at ang paglahok ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa sa iba't ibang lugar at komunidad upang tiyakin ang mahigpit na pagpapatupad.

Seksyon 3. Kinikilala ng NDFP ang mga dokumento ng Komisyong Militar ng PKP noong 20 Agosto 1999 na pinamagatang “Hinggil sa Diumanong Maramihang Pagrerekrut ng mga Batang Gerilya ng BHB” at ng Komiteng Tagapagpaganap ng PKP na pinamagatang “Memorandum Hinggil sa Minimum na Edad para sa mga Mandirigma ng BHB” na may petsang 15 Oktubre 1999.

Seksyon 4. Kinukumpirma ng NDFP ang sumusunod:

Ang Artikulo 1 ng Mga Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan na sinusugan ng Memorandum ng Oktubre 1999 ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, ay pinalitan ng sumusunod na salita upang ilinaw ang mga komitment ng BHB at maiwasan ang anumang misinterpretasyon:

Punto 1. Sinumang di bababa sa 18 taong gulang at malusog ang pangangatawan at isipan, anuman ang kasarian, lahi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumaban at handang lumahok sa armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihan ng estado, ay maaaring maging mandirigma o kasapi ng isang panlabang yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Sinumang di bababa sa 15 taong gulang ay maaaring tanggapin bilang treyni o aprentis sa Bagong Hukbong Bayan at maaaring itataga sa pagdepensa-sa-sarili at iba pang di-panlabang mga yunit at gawain.

Ang pagbabawal sa mga kabataan at batang wala pang 18 taong gulang ay di nag-aalis sa pinakasaligang karapatan sa pagdepensa sa sarili sa harap ng malinaw at kagyat na panganib sa buhay.

Sa harap ng pananalakay o pagkubkob ng kaaway sa mga teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan, lahat ng 15 taong gulang pataas ay maaaring pakilusin para sa

pagdepensa sa sarili, basta't prayoridad ang pinakamatatanda sa distribusyon ng armas pandepensa-sa-sarili sa mga mas bata sa 18 taong gulang ngunit mahigit na 15 taong gulang. Ang gayong susog ay dapat kagyat na ipatupad.

Seksyon 5. Kinikilala ng NDFP ang 1990 na Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata. Ngunit itinuturing ng NDFP na walang bisang ligal ang 2002 na Opsyunal na Protokol Hinggil sa Pagkakasangkot ng mga Bata sa Armadong Tunggalian, partikular ang pagbabawal ng pagrekrut sa mga batang wala pang 18 taong gulang sa mga armadong pwersa at mga armadong grupo at ng kanilang partisipasyon sa labanan. Gayon, wala itong ligal na pananagutang ipinapataw sa BHB.

Artikulo IV. Kritika sa Opsyunal na Protokol sa Pagsangkot ng mga Bata sa Armadong Tunggalian at sa tinaguriang Mga Prinsipyo ng Paris

Seksyon 1. Ang Opsyunal na Protokol sa Pagsangkot ng mga Bata sa Armadong Tunggalian ay naglalaman ng mga di depinidong termino na nagbubunga ng maling paglalarawan sa mga bata bilang mga batang mandirigma at nagbigay-lisensya sa mga pwersang militar ng reaksyunaryong estado na bansagan ang mga bata bilang mga batang mandirigma at labagin ang kanilang mga karapatang-tao.

Seksyon 2. Ang gayong Opsyunal na Protokol ay nagtatakda ng minimum na edad na 18 para sa pagrekrut at paglahok sa mga labanan at nagbabawal sa “mga armadong grupong iba sa armadong pwersa ng Estado” sa pagrekrut at paggamit sa mga wala pang 18 taong gulang sa mga labanan, sa anumang pagkakataon (Artikulo 4 talata 1) subalit pinahihintulutan ang mga paaralang pinatatakbo o nasa kontrol ng mga armadong pwersa ng pumirmang estado na magsanay ng mga batang wala pang 18 taong gulang (Artikulo 3 talata 5) habang ipinagbabawal na gawin iyon ng ibang “armadong grupo”.

Seksyon 3. Ang NDFP ay tutol sa malinaw na pagkiling ng nasabing Opsyunal na Protokol laban sa mga kilusan para sa pambansang paglaya, at itinuturing ito bilang paglabag sa mga kumbensyong internasyunal at kostumbreng kumikilala sa karapatan ng mga inaaaping bansa na makibaka para sa sariling pagpapasya at magtatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika laban sa mapang-aping reaksyunaryong estado. Kung kaya, ang NDFP ay walang obligasyon sa Opsyunal na Protokol dahil sa mga di katanggap-tanggap na mga probisyon nito.

Seksyon 4. Pinupuna ng NDFP ang di pagtalima ng GRP/GPH sa sarili nitong deklarasyon sa pagsailalim nito sa nasabing Opsyunal na Protokol na ang minimum na edad para sa boluntaryong pagrekrut sa Armed Forces of the Philippines (AFP) ay 18 anyos, maliban sa mga layuning pansanay. Ang mga independyenteng organisasyon sa karapatang-tao sa Pilipinas at ibang bansa ay nakapagkumpirma sa pwersahang pagrerekrut ng GRP/GPH ng mga bata sa sandatahang lakas nito.

Seksyon 5. Binibigyang-pansin ng NDFP na ginagamit ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa ang tinaguriang 2007 na Mga Prinsipyo ng Paris upang suhayan ang Opsyunal na Protokol Hinggil sa Pagkakasangkot ng mga Bata sa Armadong Tunggalian upang maling pagbintangan ang rebolusyonaryong kilusan na nagrerekrut at gumagamit ng mga batang mandirigma.

a.) Sa pananaw ng NDFP, ang tinaguriang Mga Prinsipyo ng Paris, maging ang nauna ritong Mga Prinsipyo ng Cape Town — na di mga instrumento ng internasyunal na batas — ay nagtataglay ng malabo, masaklaw at mapanlinlang na pagpapakahulugan sa batang mandirigma na pinaghahalo at nililito ang mga gawaing panlaban at di-panlaban at maging ang mga pangkaraniwang aktibidad panlipunan at pangkomunidad.

b.) Ang tinatawag na Mga Prinsipyo ng Paris ay nakasasama sa mga kilusang mapagpalaya. Kung tutuusi’y inoobliga nitong ilayo at permanenteng ihiwalay pa nga ang mga bata sa kanilang mga magulang, kapamilya at komunidad na dumaranas o maaaring dumanas ng walang patumangga’t sustenidong malupit na pag-atake ng mga reaksyunaryong armadong pwersa. Katunaya’y nilalabag ng mga ito ang saligang karapatan ng pagbubuklod ng pamilya o ng karapatan ng mga batang mamuhay kasama ng kanilang mga pamilya sa komunidad na nais nila, makapag-aral sa kanilang sariling mga komunidad at makibahagi sa mga lehitimong adhikain at makatarungang pakikibaka ng kanilang mga magulang, tagapangalaga at/o iba pang nakatatanda para sa malaya, demokratiko at masaganang lipunang Pilipino.

c.) Sa pagbibigay ng nakalilito at di tumpak na pagpapakahulugan sa mga batang mandirigma, inilalagay ng tinaguriang Mga Prinsipyo ng Paris ang mga bata sa malaking panganib dahil ipinapahiwatig nito na may lisensya ang militar, pulisya at mga pwersang paramilitar at iba pang ahensya ng GRP/GPH na maling paratangan ang mga bata bilang mga batang mandirigma, tratuhin silang lehitimong target ng militar, abusuhin, dakpin o iwalay sa kanilang mga magulang sa anumang pinagsususpetsahang komunidad at ipailalim sila sa detensyon at pwersahang pagpapaalipin at maging sa abusong sekswal, at gawin silang bulnerable sa kalahatan at gawing lantad na target ng iba’t ibang uri ng paglabag sa karapatang-tao at pang-aabuso sa mga inaatakeng komunidad.

Seksyon 6. Mariing pinabubulaanan ng NDFP at BHB ang mga bintang ng GRP/GPH at ng AFP — na pinasinungalingan ng mga independyenteng organisasyon sa karapatang-tao sa Pilipinas at ibang bansa — na nagrerekrut ang BHB ng mga diumano’y batang mandirigma. Sa kasamaang-palad, ang gayong mga bintang ng paglabag ay inuulit-ulit nang walang beripikasyon sa datos at pagpapatotoo ng ilang mga internasyunal na grupo at mga organisasyong di-gubyerno (NGO) na dinidirihe at pinopondohan ng mga ahensyang kontra sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.

Seksyon 7. Ang tanging obhetibong totoong pag-aaral kamakailan, na isinagawa ng IBON Foundation sa pakikipagtulungan sa Children’s Rehabilitation Center (CRC) at sa Center for Women’s Resources (CWR) sa kahilingan ng United Nations Children’s Fund (UNICEF) hinggil sa “pagtatasa sa pangangailangan ng mga bata at kababaihang apektado ng armadong tunggalian”, ay nagpatunay na sinusunod ng BHB ang minimum na edad para sa mga mandirigma ng BHB, na itinakda ng NDFP, PKP at BHB at ng Deklarasyong ito.

Artikulo V. Programa ng Pagkilos

Seksyon 1. Ang NDFP, PKP, BHB, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, ang mga organisasyong masa at ang malawak na masa ng sambayanan kapwa sa kanayunan at kalunsuran ay magtitiyak na lahat ng mga batang wala pang 18 taong gulang ay nasa pangangalaga ng kanilang mga magulang sa tahanan, nasa paaralan sa ilalim ng pagtuturo ng

kanilang mga guro o nasa trabaho sa ilalim ng pananagutan ng kanilang employer kung sila ay nasa tamang edad na pinapayagan ng ILO.

Seksyon 2. Gagawin nila ang lahat ng kailangang hakbang upang tulungan ang magulang sa pag-aalaga, magbigay o payagan ang mga paaralan at edukasyon para sa mga bata; tutulan at hadlangan ang pagsasamantala sa mga bata bilang mga manggagawa; bakahin ang prostitusyon ng mga bata, pornograpiya, pagtutulak ng droga, at pagbebenta ng mga bahagi ng katawan; himukin at tulungan ang mga batang palaboy na makabalik sa paaralan o mailagay sa isang angkop na silungan sakaling sa anumang kadahilanan ay di sila maaaring ibalik sa piling ng kanilang mga magulang o malalapit na kamag-anak.

Seksyon 3. Gagawin nila ang lahat upang ituro sa mga bata ang rebolusyonaryong kasaysayan ng sambayanang Pilipino, ang mga batayang suliranin sa malakolonyal at malapyudal na lipunan at ang rebolusyonaryong mga tungkulin ng sambayanan; organisahin ang mga bata; at pakilusin sila sa mga pansibika, pangkultura at iba pang panlipunang aktibidad para sa kanilang pakinabang at sa pakinabang ng sambayanan. Titiyakin nilang matututo ang mga bata kung paanong kumilos sa panahon ng natural na kalamidad, mga atakeng militar at iba pang sitwasyong pangkagipitan.

Seksyon 4. Gagawa sila ng akhang ulat sa buong bansa at sa internasyunal na komunidad ukol sa kanilang mga nagawa sa usaping ito, sa pagtitiyak at pagpapaunlad ng wastong pangangalaga sa mga bata, sa kanilang edukasyon, sa kanilang maaayos na kalusugan, sa kanilang tamang nutrisyon at mga pangkulturang aktibidad. Gayunpaman, dapat nilang ingatan na ang impormasyon ay di magamit ng reaksyunaryong estado at ng sandatahang lakas nito upang atakehin ang mga bata at wasakin ang mga tagumpay na nakamit sa pakinabang ng mga bata.

Seksyon 5. Ang Bagong Hukbong Bayan ay pinagbabawalan ng sarili nitong mga alituntunin at umiiral na mga kautusan, ng mga patakaran at desisyon ng PKP, NDFP at ng demokratikong gubyernong bayan at ng internasyunal na batas at mga alituntunin sa digma na magrekrut at gumamit ng mga batang wala pang 18 taon para sa mga labanan o paglagay sa kanila sa andana ng kumand militar para sa layuning panlaban.

Itinatakda ng rebolusyonaryong integridad at disiplina nito, na hahadlangan ng BHB mismo sa lahat ng antas ang pagrekrut at paggamit ng mga batang mandirigma.

a.) Ang PKP at BHB ay may sariling internal na mga alituntunin at mekanismo upang ipatupad ang pagbabawal ng paggamit ng mga bata sa mga labanan. Inaatasan ng Komisyon Militar ng PKP at ng Kumand sa Operasyon ng BHB ang lahat ng kumand at yunit ng BHB sa iba't ibang panig ng bansa na mahigpit na ipatupad ang kaukulang mga patakaran ng PKP at mga alituntunin ng BHB.

b.) Kung may malinaw, kapani-paniwala at mapapatotohanang alegasyon ng ispesipikong mga paglabag ng anumang pagrekrut o paggamit sa mga bata, maagap na mag-iimbestiga ang NDFP at titiyakin na ipapataw ang karampatang aksyong pandisiplina ayon sa minimum na internasyunal na pamantayan.

Seksyon 6. Sa panahon ng pag-atake sa isang komunidad ng reaksyunaryong militar, pulisya at mga pwersang paramilitar, may karapatan ang mga batang umanib sa matatanda sa pagtatanggol sa komunidad o pagtulong laluna na sa kababaihan, sa mga batang wala pang 15 at sa mga mahina at maysakit, upang isalba ang kanilang mga sarili mula sa karahasan ng kaaway.

Seksyon 7. Kung ang militar at sibilyang awtoridad ng reaksyunaryong estado ay maling mag-aakusa sa mga batang wala pang 18 taong gulang ng pagiging batang mandirigma, ang mga magulang o tagapag-alaga, ang mga guro o ang amo, ang lokal na upisyal ng komunidad at ang pari o pastor ng komunidad, ay hihinging magsalita para sa mga bata. Ang mga organisasyon sa karapatang-tao, sibika at relihiyon ay hihinging tumulong sa kanila sa paglalabas ng katotohanan at pagtatanggol ng kanilang mga karapatan.

Seksyon 8. Kung ang mga bata ay dinukot, tinortyur, pwersahang pinaamin na sila’y mga mandirigma ng BHB, ikinulong sa isang kampo militar o sa bakuran o bahay ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) o pinatay, ang serbisyo ng mga organisasyong pangkarapatang-tao, sibiko at relihiyoso ay krusyal sa pagtulong sa mga bata at mga magulang na ipaglaban ang kanilang karapatan at ilabas ang katotohanan. Magtatamasa sila ng suporta at tulong ng NDFP sakaling kanilang hingin.

Seksyon 9. Depende sa takbo ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP/GPH-NDFP at sa bisa ng Joint Monitoring Committee o JMC na binuo sa ilalim ng CARHRIHL, maaaring magamit ang mga hakbangin at mekanismong pandagdag sa Seksyon 6, 7 at 8 sa itaas para imbestigahan ang anumang reklamo kaugnay ng usapin ng mga batang mandirigma.

Seksyon 10. Ang mga mekanismo at prosesong independyente sa NDFP, PKP at BHB para sa pagsubok at pagberipika kung ang isang bata ay 18 taong gulang o hindi, ay nakasaad o kabilang na sa Seksyon 6, 7 at 8 sa itaas. Gayo’y wala nang pangangailangan pang ilagay ng BHB at ibang rebolusyonaryong pwersa ang sarili sa panganib sa pagbigay sa anumang dayuhan at internasyunal na entidad at iba pang di tukoy na mga katuwang nito ng tuwiran at walang hadlang na akses sa mga kumand ng BHB at mga larangang gerilya o malayang makalapit sa sentrong militar o pulitikal na maaaring isailalim sa paniniktik ng kaaway.

Seksyon 11. Sa inisyatiba o sa ilalim ng pamamatnugot nito, ang NDFP ay patuloy na mag-iimbestiga at magsasadokumento ng lahat ng malalalang paglabag ng reaksyunaryong estado at ng sandatahang lakas nito sa mga karapatan ng mga bata, kabilang ang pagrekrut at paggamit sa mga bata; pagpatay at pagpinsala sa mga bata; panggagahasa at iba pang anyo ng sekswal na pandarahas sa mga bata; pagdukot sa mga bata; pag-atake sa mga paaralan o ospital; at, pagkakait ng makataong pagtulong sa mga bata.

Seksyon 12. Bukas na bukas ang NDFP na tumanggap mula sa anumang entidad ng malinaw, kapani-paniwala at mapapatotohanang bintang ng ispesipikong mga paglabag sa pagrekrut at paggamit sa mga bata at maagap na magsasagawa ng imbestigasyon at gagawa ng ulat sa mga kaukulang partido.

Sa mga kaso ng paglabag sa pagbabawal sa pagrekrut at paggamit sa mga batang wala pang 18 taong gulang, ipapataw ang kaukulang aksyong pandisiplina sa mga nagkamaling upisyal at tauhan ng BHB.

Seksyon 13. Magbubuo at magpapatakbo ang NDFP sa ilalim ng Komite sa mga Karapatang-tao nito sa loob ng 6 na buwan pagkatapos mapagtibay ang Deklarasyon at Programa ng Pagkilos ng isang Espesyal na Tanggapan para sa Proteksyon ng mga Bata. Ang tanggapanang ito ay may sumusunod na mga tungkulin at gawain:

a.) Pangasiwaan ang implementasyon ng lahat ng organisasyon at instrumento ng NDFP ng Programa ng Pagkilos na ito at ang pagtalima ng BHB at lahat ng alyadong organisasyon ng NDFP.

b.) Malawakang iulat ang mga tagumpay ng nabanggit na mga pwersa sa pagtataguyod sa mga karapatan ng mga bata, pagtatanggol sa kanila at pagsusulong ng kanilang kagalingan.

c.) Tumanggap ng mga reklamo ukol sa mga paglabag sa mga karapatan ng mga bata kaugnay ng Seksyon 11 at 12 sa itaas at ipaabot ang reklamo sa kinauukulang mga organo para sa karampatang aksyon.

d.) Tulungan ang lahat ng alyadong organisasyon at instrumento ng NDFP sa pagpapayo sa lahat ng usaping kaugnay ng pagtatanggol sa mga bata sa armadong tunggalian.

e.) Mag-organisa ng mga programang pang-edukasyon sa loob ng lahat ng alyadong organisasyon ng NDFP hinggil sa mga karapatan ng mga bata at himukin ang pagbubuo ng mga yunit para sa proteksyon ng mga bata sa pamamatuugot ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa, laluna ng mga bata, kabataan at kababaihan.

f.) Magtayo at magmantine ng mga ugnay at relasyon sa lahat ng kinauukulang internasyunal na organisasyon at mga NGO.

g.) Maglabas ng taunang ulat hinggil sa kalagayan ng mga bata sa Pilipinas na may kaugnayan sa armadong tunggalian at sa mga aktibidad na nagtataguyod, nagtatanggol at nagsusulong sa mga karapatan ng mga bata.

Seksyon 14. Aatasan ng NDFP ang Negotiating Panel nito sa negosasyong pangkapayapaan sa GRP/GPH na maghapag sa katapat nito ng borador na karagdagang protokol sa CARHRIHL. Ang gayong mungkahing karagdagang protokol ay magpapalawig sa nabanggit na Artikulo 10 ng CARHRIHL upang magtuon ng proteksyon sa mga menor de edad mula sa masasamang epekto ng armadong tunggalian maging sa mga ispesipikong paglabag sa mga karapatan ng mga bata.

Seksyon 15. Aatasan ng NDFP ang Negotiating Panel nito sa negosasyong pangkapayapaan sa GRP/GPH na maghapag ng panukala para magbuo ng isang espesyal na seksyon na nakatuon sa mga karapatan ng mga bata sa Joint Monitoring Committee na nabuo sa ilalim ng CARHRIHL.

Seksyon 16. Aatasan din ng NDFP ang Negotiating Panel nito sa negosasyong pangkapayapaan sa GRP/GPH na igiit at itulak ang pagsasama sa binubuong Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms o CASER ng probisyon na komprehensibong

magtataguyod sa mga karapatan ng mga bata, gagarantiya sa karampatang pangangalaga at edukasyon at magbabawal sa pagsasamantala sa lakas-paggawa ng mga bata.

Artikulo VI. Pagtutulungan ng NDFP sa mga dayuhan o internasyunal na entidad kaugnay sa mga bata

Seksyon 1. Ang NDFP ay handang-handang makipagdayalogo at magharap ng kaukulang mga pahayag, hakbangin at mekanismong nagawa na ng mga organisasyon nito, kabilang ang PKP at BHB, sarili man o kolektibo, upang itaguyod ang mga karapatan ng mga bata, pangalagaan sila at itaguyod ang kanilang kagalingan. Kaugnay nito, bukas itong makipagtulungan sa dayuhan o internasyunal na mga institusyon, organisasyon at iba pang entidad.

Seksyon 2. Ang NDFP ay bukas sa praktikal na pakikipagtulungan sa mga dayuhan o internasyunal na entidad upang siyasatin at subaybayan ang kalagayan at suliranin ng mga bata sa labas at loob ng mga larangang gerilya at mga lugar na may armadong tunggalian, basta ang gayong mga pagsisikap ay pandagdag at pampuno sa batayang mga pagsisikap ng kwalipikadong entidad sa Pilipinas at basta rin ang pampulitikang awtoridad ng NDFP at ang Dekalarasyong ito ay kikilalanin at igagalang ng mga nasabing dayuhan o internasyunal na entidad.

Seksyon 3. Patuloy na ginagalang ng NDFP ang makatwiran at praktikal na pamantayan ng pagtutulungan na dati nang naitatag sa relasyon ng NDFP at International Committee of the Red Cross (ICRC) at sa mga naunang magkasamang misyon ng mga NGO sa Pilipinas at kanilang dayuhan o internasyunal na mga katuwang sa layuning imbestigahan ang kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas, kabilang yaong sa mga bata.

Seksyon 4. Nalulugod din ang NDFP sa pagtutulungan ng UNICEF at IBON, kasama ang mga organisasyon sa karapatang-tao at iba pang lokal na organisasyon, sa pag-iimbestiga at pag-uulat ng kalagayan ng mga bata, partikular sa mga lugar na may armadong tunggalian.

Bukas ang NDFP na makipagtulungan sa UNICEF, sa UNESCO, ILO, World Health Organization (WHO), World Food Program (WFP) at iba pang ahensya ng United Nations (UN) sa layuning itaguyod ang mga karapatan ng mga bata, ipagtanggol sila at tiyakin ang lahatang-panig nilang kagalingan.

Seksyon 5. Hinihikayat ng NDFP ang Special Representative on Children and Armed Conflict (UNSG SRCAC) ng Pangkalahatang Kalihim ng United Nations na seryosong ikonsidera ang halimbawa ng UNICEF sa pakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyong independyente sa reaksyunaryong sandatahang lakas upang magsagawa ng imbestigasyon, mga ulat at rekomendasyon kaugnay sa mga bata at pinapaalalahanan ito na huwag umasa sa mga ispekulasyon, sabi-sabi at mga mapoot na pahayag ng reaksyunaryong sandatahang lakas at mga ahente nila, dahil lamang ang mga ito'y instrumento ng isang estadong myembro ng UN, sa paggawa ng mga maling kongklusyon at di makatarungang ilista ang BHB bilang rekruter at gumagamit ng mga batang mandirigma.

Seksyon 6. Sa ngayon, ang NDFP at ang UNSG SRCAC ay hindi makabubuo at makapagpapaunlad ng positibo at produktibong relasyon dahil sa mga walang batayan at di kinakailangang paninira at paglilista sa BHB bilang lumalabag sa mga karapatan ng bata sa

taunang ulat ng UNSG. Hangga't nananatili ang gayong paninira at paglilista sa BHB, mas makabubuti sa NDFP na makipagtulungan sa ibang ahensya ng UN tulad ng UNICEF sa pagtataguyod ng karapatan ng mga bata, pagtatanggol sa kanila at pagtitiyak ng kanilang kagalingan.

Seksyon 7. Patuloy na iginigiit ng NDFP na tanggalin ng UNSG ang BHB sa listahan ng mga lumalabag sa karapatan ng bata at bawiin nito ang naunang ulat na hindi marapat na nagpapatang sa BHB na nagrerekruit at gumagamit ng mga batang mandirigma. Oras na magawa ito, magiging posible na para sa NDFP at sa UNSG SRCAC na magsimula at magpaunlad ng kanilang pagtutulongan.

Seksyon 8. Ang NDFP, depende sa mga konsiderasyong panseguridad at sa ilalim ng mga regulasyon, panuntunan at kundisyong itatakda ng kinauukulang pampulitika at pangmilitar na awtoridad nito, ay maaaring magpahintulot sa pagpasok ng mga nauukol na institusyon, organisasyon at iba pang entidad na may komun na layuning ipagtanggol ang mga karapatan ng mga bata, sa mga lugar na mayroon itong hurisdiksyon matapos lubos na magamit ang mga batayang mekanismong nakasaad sa Artikulo V, Programa ng Pagkilos ng Deklarasyong ito.

PINAGTIBAY

Pambansang Konseho ng NDFP

24 Abril 2012